

 GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG	School:		Grade Level:	II
	Teacher:		Learning Area:	FILIPINO
	Teaching Dates and Time:	WEEK 4	Quarter:	4TH QUARTER

	MONDAY	TUESDAY	WEDNESDAY	THURSDAY	FRIDAY
LAYUNIN	<p>Nakikilala ang dalawang salita na maaaring maging tambalang salita at nagkakaroon ng panibagong kahulugan</p> <p>Nakapagbibigay ng sariling hinuha, bago, habang, at matapos mapakinggan ang teksto</p> <p>Nakapagpapaliwanag ng mga dahilan ng isang pangyayari</p>	<p>Nakapagbibigay ng panuto sa paggawa ng isang proyekto o gawain</p>	<p>Nagagamit nang wasto ng pang-ukol na ayon sa Napapangkat ang mga salita ayon sa kayarian nito (payak at tambalan)</p>	<p>Nagagamit ang kaalaman sa paggamit ng malaki at maliit na letra at mga bantas sa mga pangungusap</p> <p>Nakagagamit ng angkop na salita at bantas upang maipahayag ang sariling ideya, kaalaman, karanasan, at damdamin</p>	<p>Nasasagot nang wasto ang mga inihandang tanong</p> <p>Naisusulat nang wastong mga salitang/pangungusap na ididikta</p>
Pamantayang Pangnilalaman	<p>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan</p> <p>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napaking-Gan</p>	<p>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapa hayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin</p>	<p>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin</p>	<p>Naipamamalas ang kamala-yan sa mga bahagi ng aklat at kung paano ang ugnayan ng simbolo at wika</p> <p>Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat</p>	
Pamantayan sa Pagganap	<p>Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon F2TA-0a-j-3</p> <p>Nakikinig at nakatu-tugon nang angkop at wastoF2TA-0a-j-1</p>	<p>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon F2TA-0a-j-2</p>	<p>Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon F2TA-0a-j-2</p>	<p>Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon F2TA-0a-j-3</p> <p>Nakasusulat nang may wastong baybay,bantas at mekaniks ng pagsulat F2TA-0a-j-4</p>	

Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat	Nakakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulu- gan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugahan F2PT-IVad-1.9	Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang tekstong pangimpormasyon F2PS-IVd-1	Naipapahayag ang sariling ideya/damdamin o reaksiyon tungkol sa napakinggang tekstong pangimpormasyon F2PS-IVd-1	Natutukoy kung paano nagsisiumula at nagtatapos ang isang pangungusap/ talata F2AL-IVe-g- 13 Nakabubuo ng isang talata sa pamamagitan ng pagsasamasama ng magkakaugnay na pangu ngusap F2KM-IVc-6	
NILALAMAN	Aralin 4 Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos Tambalang Salita	Aralin 4 Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos Pagbibigay ng Panuto	Aralin 4 Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos Wastong Gamit ng Ayon sa at Ayon kay	Aralin 4 Maging Huwaran sa Paningin ng Diyos Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas	
KAGAMITANG PANTURO	C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-32	C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-32	C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-32	C.G Grade 2 sa Filipino pahina 31-32	
Sanggunian					
Mga pahina sa Gabay ng Guro	156-158	158	158-159	159	160
Mga pahina sa Kagami-tang Pang Mag-aaral	LM in Filipino Yunit 3 pahina 421-426,soft copy	LM in Filipino Yunit 2 pahina427-430 ,soft copy	LM in Filipino Yunit 2 pahina 430-433, soft copy	LM in Filipino Yunit 2 pahina 434-436, soft copy	
Mga pahina sa Teksbuk					
Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource					
Iba pang Kagamitang Panturo	laptop	laptop	laptop	laptop	
PAMAMARAAN					

Balik-aral sa nakaraang aralin at / o pagsisimula ng bagong aralin

Paunang Pagtataya
Pasagutan ang “Subukin Natin”
sa LM pahina 421(soft copy),



Sabihin kung Tama o Mali ang
sumusunod na
pangungusap.

1. Ang salitang hampaslupa ay
tambalang salita.
2. Ang salitang bahay kubo ay
hindi tambalang
salita.
3. Ang tambalang salita ay may
bagong
kahulugan.
4. Ang pagbaha ay bunga ng hindi
tamang
pagtatapon ng basura at
pagpuputol ng mga
puno.
5. Ang pagbibigay ng hinuha ay
nakatutulong sa
pag-unawa ng tekstong binabasa.
6. Ang mga pangyayari sa paligid
ay may dahilan.
7. Ang salitang hari ay halimbawa
ng tambalang
salita.
8. Ang ayon sa ay ginagamit
kapag ang isang
pahayag ay galing sa isang tao.
9. Ang ayon sa ay

ginagamit kapag ang sinisipi ay
pahayag ng isang tao.

10. Ang paggamit ng tamang
bantas ay kailangan
sa pagbibigay ng panuto.

Ipagawaang Tukoy Alam sa T.G
pahina 158

Sama-samang paggawa ng
bangkang papel.

Ipakita kung paano ito gawin
upang masundan ng mga bata.

Ipakita ang natapos na
bangkang papel.

Hayaang ibigay ng mga bata ang
mga panuto kung paano gawin
ang isang
bangkang papel.

Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G
pahina 158

Magbigay ng ilang mga pangaral
na napakinggan at sabihin din
kung kanino
ito napakinggan.

Ipagawa ang Tukoy-alam sa TG
pahina159

Magdikta ng ilang mga
pangungusap. Tingnan kung tama
ang pagkakasulat ng mga bata.
Ipasulat ang mga pangungusap sa
pisara

Ihanda ang mga bata sa
gagawing pagsusulit.
Ipaliwanag ang mga
panuto.

Paghahabi sa layunin ng aralin

Tukoy-Alam
Bigyan ang bawat bata ng isang flashcard na may nakasulat na salita.
Hayaang humanap ng kapareha upang makabuo ng isang bagong salita.
Iulat sa klase ang nabuong salita ang sabihin ang kahulugan nito
Paglalahad
Ipakita ang iba’t ibang kasuotan. Sabihin kung saang lugar o okasyon dapat isuot ang bawat isa.
Pagpapayaman ng Talasalitaan
Basahin at pag-aralan ang sumusunod na salita at kahulugan nito. Gamitin sa sariling pangungusap. Maaari din naman na gamitin ang mga ito sa pangungusap upang higit na maunawaan ng mga bata ang kahulugan ng bawat isa.
Angkop-tama
malaswa-hindi angkop, ‘di tama
modo-ugali
bahaghari-hudyat ng pagtigil ng ulan(rainbow)
bato-balani-metal na dumidikit sa metal(magnet)
alkalde-mayor

ordinansa-batas
disente-maayos
Ipakilala ang kuwento sa pagsasabi ng pamagat nito.
Tungkol kaya saan ang kuwento?

Paglalahad
Ipakita sa mga kaklase ang isang album o portfolio na sariling gawa.Sabihin kung paano ito ginawa.

Paglalahad
Ano-ano ang dapat nating gawin upang maging mabuting bata?

Paglalahad

Pagtataya
A. Punan ng ayon kay o ayon sa ang mga pangungusap.
1. “Walang pasok bukas dahil may malakas na bagyo”, _____ PAG-ASA.
2. _____ Titser Mina, ang mga batang mahilig kumain ng gulay ay hindi sakitin.
3. _____ Pastor Noli, dapat tayong magdasal bago matulog sa gabi at pagkagising sa umaga.
4. “Lagi tayong magpasalamat sa Diyos sa lahat ng mga bagay,” _____ Padre Gomez.
5. _____ mga siyentipiko, ating mararanasan ang “global warming” sa panahong ito.

Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin

Babasahin“**Manamit nang Angkop**” sa pahina422-423 Sa kanilang barangay, kilala si Dindin. Kung tutuusin, marami siyang magagandangkatangian. Masipag, matulungin, at maaasahan siya sa mga gawain. Sa kanilang klase ay isa siya sa mga nangunguna dahil sa kaniyang angking katalinuhan at kakaya- han sa pagkanta, pagsayaw, at pagguhit. Ngunit ang lahat ng ito ay hindi napapansin ng mga tao. Mas napagtu- tuunan kasi nila ng pansin ang pananamit ni Dindin. Noong piyesta, ang lahat ng bata ay abalang-abala sa pagsali sa mga palaro. Si Dindin ay handanghanda rin sa pagsali at pagkamit ng unang gantimpala. Sa lahat ng kaniyang sinalihan – palo sebo, agawan-buko, at maging takbuhan – ay hindi siya nanalo ngunit natawag naman ang pansin ng lahat dahil sa kaniyang magandang bestida na suot pero hindi angkop sa pagsali sa mga palaro. Sinabihan siya ng namamahala ng palaro na maaari siyang magpalit ng damit o sumali na lang sa iba pang laro tulad ng hampas-palayok. Hindi ito sinunod ni Dindin. Gusto kasi niya na maganda ang kaniyang kasuotan sa oras na



sa pahina 427-428sa LM“**Ang Portfolio ni Cheska**” Masunurin ang pamilya ni Cheska. Sinusunod nila ang mga batas. Kahanga-hanga silang

huwaran ng mga tao sa bayan. Dahil huwaran ang kanilang pamilya, inspirado si Nimfa na gumawa ng isang portfolio tungkol sa gawain ng kaniyang pamilya. Ngunit biglang nagkasakit si Nimfa kaya tinuruan niya ang kapatid na si Cheska na ituloy ang paggawa ng portfolio. “Halika, Cheska, ituturo ko sa iyo kung paano gawin ang portfolio,” sabi ni Nimfa.



“Sige, Ate, turuan mo ako. Gusto ko iyan,” tuwangtuwang wika ni Cheska.“Una, kumuha ka ng iba’t ibang larawan ng ating pamilya na may kinalaman sa pagiging masunurin.” “Ikalawa, kumuha ka ng isang lumang



Gawing Gabay Ayon sa Kawikaan 22:6 -“Turuan mo ang bata sa daan na kaniyang dapat lakaran upang kung tumanda man siya ay

hindi niya hihiwalaan.” Ayon sa Gintong Aral - “Huwag mong gawin sa iyong kapwa, ang bagay na ayaw mong gawin sa iyo.” Ayon kay Dr. Jose P. Rizal - “Ang kabataan ay pag-asa ng bayan.”



sa pahina 433sa LM Basahing muli ang tekstong “Gawing Gabay.”

- B. Salungguhitan ang payak na salita at ikahon ang tambalang salita.
- 6. tanaw
 - 7. mata
 - 8. kapit-tuko
 - 9. balik-tanaw
 - 10. masakit
 - 11. bughaw
 - 12. kupas
 - 13. matamis
 - 14. takip-silim

	<p>manalo siya.Palaging tawag-pansin ang suot ni Dindin dahil hindi ito angkop sa okasyon. Sa pagpunta sa pagsamba, si Dindin ay magsusuot pa rin ng gustoniya na hindi tama. Pinagsasabihan siya ng kaniyang magu- lang pero patuloy pa rin ito sa gusto niya. Maging nang dumalaw sila sa isang yumaong kaibigan ng kaniyang magulang, hindi pa rin angkop ang suot niya. Minsan, may paligsahan na sasalihan ang kanilang klase. Nagkasundo ang lahat na isuot ang simpleng puting t-shirt at pantalong maong. Katulad ng inaasahan ng lahat, dumating si Dindin na suot ay pulang t-shirt na may makintab pang dekorasyon. Sinabihan siya ng kaniyang mga kamag-aral na hindi siya maaa- ring sumali dahil mali ang kaniyang kasuotan. Umiyak si Dindin at nagsumbong sa guro. Pinagsabihan siya ng kaniyang guro na si Bb. Batobalani na kung gusto niya talagang sumali, kailangang sumunod siya sa napagkasunduan. Dahil mas matimbang ang pagnanais ni Dindin</p>	<p>magasin. Dikitan ang bawat pahina ng malinis na bond paper.” “Ikatlo, hatiin ang mga pahina sa iba’t ibang bahagi tulad ng pasasala mat, talaan ng nilalaman, larawan ng buong pamilya, gawain ng buong pamilya, at mga pangarap at kahilingan ng pamilya.” “Ikaapat, pagsasama-samahin ang mga larawan kung saan ito maaaring ilagay saka ito idikit.” “Ikalima, lagyan ng caption ang mga larawan, buuin angpasasalamat at talaan ng nilalaman.” “Panghuli ay dagdagan ito ng iba pang dekorasyon na gusto mo,” paliwanag ni Nimfa. “Ang galing naman, Ate! Sige sisimulan ko na!” wika ni Cheska. Sinimulang sundin ni Cheska ang itinuro ng kapatid. Pagkalipas ng dalawang araw ay nagulat ang lahat sa ipinakitang portfolio ni Cheska. Tuwangtuwa ang buong pamilya sa ginawang portfolio ni Cheska. Naipakita nito ang pagkakasundo-sundo ng buong pamilya. Dahil sa tuwa, kinuhanan ng kaniyang Kuya Alex ng larawan ang portfolio. “Ipinagmamalaki ka naming, anak. Isa kang hulog ng langit sa amin,” wika ni Nanay Perla.</p>			
--	--	---	--	--	--

	<p>na sumali sa paligsahan, napilitan siyang isuot ang damit na inihanda pala ng kaniyang mga kamagalar. Sa kanilang mahusay at sabayang pagbigkas, hindi kataka-taka na nanalo ng unang gantimpala ang kanilang klase. Noon naunawaan na ni Dindin na hindi naman pala kailangang kakaiba palagi ang kaniyang kasuotan. Ang mahalaga ay angkop ito sa okasyon.</p>	<p>“Ang galing mo, anak! Salamat sa Diyos at isa kang batang matalino, malikhain, at masunurin,” wika ng ama ni Cheska na si</p> <p>Mang Ben.“Salamat din po sa inyo Itay, Inay, Kuya Alex, at Ate Nimfa dahil tinuruan niya ako ng paggawa ng portfolio. Maraming salamat din po sa Panginoon,”mahinahong sabi ni Cheska.</p>			
<p>Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1</p>	<p>Talakayin ang kuwento. Pasagutan ang Sagutin Natin sa LM pahina424</p> <div> Sagutin Natin</div> <p>Ano ang mga nais na isuot ni Dindin? Paano nagbago ang kaniyang pananamit? Ano ang dapat isuot kung nasa paaralan? Sa simbahan? Sa pamamasyal? Sa bahay? Dapat bang iayon sa okasyon ang ating kasuotan? Bakit? Saan pa natin dapat</p> <p>iniaangkop ang ating kasuotan? Ano-anong tambalang salita ang ginamit sa teksto?</p>	<div> Sagutin Natin</div> <p>sa pahina 429sa LM Anong uri ng pamilya mayroon si Cheska? Ano ang dahilan kung bakit inspirado si Nimfa na gumawa ng portfolio? Kung ikaw si Nimfa, tuturuan mo rin ba ang iyong kapatid na gumawa ng portfolio? Bakit? Isa-isahin ang mga paraan sa paggawa ng portfolio. Kung ikaw si Cheska, gagawin mo rin ba ang</p> <p>sinabi ng kaniyang ate? Bakit? Ano ang iyong nararamdaman kapag nakagawa ka ng isang kapaki-pakinabang na</p>	<div> Sagutin Natin</div> <p>pahina 430 sa LM, Ano ang sinasabi ng bawat pahayag? Ano ang maidudulot kung susundin natin ito? Alin ang naibigan mong gabay? Bakit mo naibigan? Paano mo ito isasabuhay? Pansinin ang mga may salungguhit na salita. Paano ito ginamit? Kailan ginamit ang bawat isa?</p> <p>Bakit “Gawing Gabay” ang pamagat ng akda?</p>	<div> Sagutin Natin</div> <p>pahina 434 sa LM Ano-anong bantas ang ginamit sa teksto? Kailan ginagamit ang bawat isa?</p>	<p>C. Lagyan ng tamang bantas ang bawat pangungusap. 15. Aray_ dumugo ang sugat ko__ 16. Yehey__Dumating na si itay__ 17. Ang Diyos ay dakila sa lahat 18. Hugis parisukat ba ang mesa 19. Sandali__ Titingnan ko kung dumating na siya__</p>

	<p>Ano-anong salita ang bumubuo rito?</p> <p>Ano ang ibig sabihin ng bawat salitang bumubuo rito?</p> <p>Ano ang nangyari sa mga kahulugan ito?</p>	<p>bagay?</p> <p>Ano kaya ang kinahinatnan kung hindi sinunod ni Cheska ang mga sinabi ng kaniyang ate?</p>			
<p>Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2</p>	<div><p>Pahalagahan Natin</p></div> <p>Ang pagsusuot ng kasuotang angkop sa okasyon ay tanda ng paggalang sa sarili at sa ibang tao.</p>	<div><p>Pahalagahan Natin</p></div> <p>Ugaliing sundin ang mga panuto na ibinigay sa atin upang maging madali at maayos ang ating mga gawain.</p>	<div><p>Pahalagahan Natin</p></div> <p>Sundin natin ang mga pangaral ng Banal na Aklat at ng mga nakata-tanda upang hindi tayo maligaw ng landas.</p>	<div><p>Pahalagahan Natin</p></div> <p>Ang mga kasabihan ay maaaring gawing gabay sa ating paniniwala,pamu-muhay, at paggawa.</p>	<p>D. Sipiin ang maikling talata at isulat ng tama ang mga makikitang mali ang pagkakasulat. malapit na naman ang bakasyon. pupunta kami sa bulacan.Matutuwa sina lolo inggo at lola marina.Pasasalubungan namin sila ng hamburger. Ibibili namin sila ng bagong damit.Pagkagaling namin sa Bulacan ay babalik kami ng maynila at isasama namin sina lolo at lola. Ipapasyal namin sila sa luneta park at manila Ocean Park.</p>

Paglinang sa kabihasaan
(Leads to Formative
Assessment)

Isagawa ang Gawin Natin sa LM
sa pahina 424



- A. Bumuo ng tambalang salita
gamit ang mga
inihandang salita.
kayod
takip
kapit
bahag
balat
silim
hari
sibuyas
takip
bahay
kalabaw
- B. Ibigay ang posibleng dahilan
kung bakit nangyari
ang sumusunod na mga
sitwasyon.
- a. Pagkatalo ni Dindin sa mga
palaro noong
piyesta
- b. Pagpapahayag ni Bb.
Batobalani tungkol
sa pagsunod sa napagkasunduan
- c. Pagdadamit ni Dindin nang
angkop at
wasto sa okasyon

Isagawa ang Gawin Natin sa LM
sa pahina429
Ibigay ang panuto kung paano
gumawa ng
isang kard.

- Ipagawa ang Gawin Natin sa LM,
pahina431-432
- A. Bilugan ang angkop na parirala
upang mabuo
ang diwa ng pangungusap.
1. (Ayon sa, Ayon kay)
matatanda, ang Panginoon
ay tinatawag din nilang Bathala.
2. (Ayon sa, Ayon kay) Apo Lakay,
hindi dapat
ipagwalang bahala ang sakit na
nararamdaman.
3. (Ayon sa, Ayon kay) pag-aaral,
ang mga Pilipino
ay lahing maka-Diyos.
4. (Ayon sa, Ayon kay) bansang
Amerika,
nakahanda silang tumulong sa
mga nasalanta
ng bagyo.
5. (Ayon sa, Ayon kay) Tito Lito,
tatlo ang kaniyang
anak na magtatapos sa
elementarya.
- B. Sipiin ang sumusunod na
talata.
- Bilugan ang mga salitang payak.
1. Ang linis ng paligid.
2. Nasa itaas ng aparador ang
hinahanap mo.
3. Sundin natin ang utos ng mga
magulang.
- Ikahon ang tambalang-salita.

4. Anak-pawis ang aking mga
magulang.
5. Nagsisimba kami tuwing
madaling-araw ng
Lingo.

Sanayin Natin sa LM sa pahina



432

Ipagawa ang Gawin Natin sa LM,
pahina 434



- A. Hanapin at iwasto ang hindi
tamang paggamit
ng malaking letra sa talata.
Ang pamilya Peralta ay pamilyang
masunurin
sa utos ng panginoon. ang pamilya
Peralta ay
binubuo ng limang kasapi. Ang
tatay ay si mang
carlo, ang ina ay si Aling virgie, at
ang mga anak ay
sina Lucy, Dan, at niknok. ang
pamilya peralta ay
nakatira sa bilang 7 daang talahib,
barangay
Concepcion, malabon. ang kanilang
mag-anak ay
madalas makita na sumasamba at
namimigay ng tulong sa mga
nangangailangan kaya sila ay
kinagigiliwan.
- B. Lagyan ng tamang bantas ang
sumusunod na
pangungusap.
1. Naku nahulog ang bata sa duyan
2. Ang mundoy hugis bilog
3. Kumain ka na ba
4. Aray napakasakit ng ulo ko
5. Magdasal tayo bago

kumain

Sanayin Natin sa LM sa pahina 435




G.Paglalatapat ng aralin sa pang
araw-araw na buhay

Pangkatin ang mga bata. Ipagawa
ang Sanayin Natin sa LM
pahina425

Pangkatin ang mga bata.
Ipagawa ang Sanayin Natin sa
LM pahina 430

	<div>Sanayin Natin</div> <p>A. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na tambalang salita. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.</p> <p>1.silid-aralan</p> <p>2. balik-aral</p> <p>3. kapitbahay</p> <p>4. bantay-salakay</p> <p>5. kambal-tuko</p> <p>B. Sabihin kung ano ang maaaring ibunga ng sumusunod na sitwasyon.</p> <p>1. hindi natutulog nang maaga</p> <p>2. hindi kumakain ng gulay</p> <p>3. hindi nagdarasal</p> <p>4. matigas ang ulo</p> <p>5. nagkakalat ng basura</p>	<div>Sanayin Natin</div> <p>Kasama ang pangkat guma-wa ng panuto sa paggawa ng isang bangkang papel.</p>	<p>Pangkatin ang sumusunod na salita. Ilagay ito sa kahong dapat kalagyan.</p> <p>ganda bahaghari</p> <p>sigaw araw</p> <p>awit hari</p> <p>ama anak</p> <p>anak-araw hampaslupa</p> <table><tr><th>Payak</th><th>Tambalang Salita</th></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr></table>	Payak	Tambalang Salita					<p>Una at Ikalawang Pangkat – Bumuo ng tatlong pangungusap na hindi ginamitan ng tamang bantas.</p> <p>Ikatlo at Ikaapat na Pangkat – Iwasto ang ginawa ng una at ikalawang pangkat.</p> <p>Ikalimang Pangkat – Suriin kung tama ang</p> <p>pagkakagamit ng malalaking letra ng ikatlo at ikaapat na pangkat.</p>	
Payak	Tambalang Salita										
H.Paglalahat ng Aralin	<p>Ipabasa ang Tandaan Natinsa pahina 426</p> <div>Tandaan Natin</div> <p>May mga salitang kapag pinagsama ay nagkaka-roon ng bagong kahulugan na iba sa dating kahulugan. Tambalang salita ang tawag dito.</p>	<p>Basahin ang Ating Tandaan pahina 430</p> <div>Tandaan Natin</div> <p>Upang maging tama ang isang gawain, laging sundin ang mga panuto sa paggawa nito.</p>	<p>Basahin ang Ating Tandaan pahina433</p> <div>Tandaan Natin</div> <p>Ang pang-ukol na ayon sa ay ginagamit kapag ang siniping pahayag o impormasyon ay mula sa isang tiyak na aklat, pahayagan, at iba pa.</p> <p>Samantala, ang ayon kay ay ginagamit kung ang pinag-kuhanan ng pahayag o impormasiyon ay isang tiyak na tao.</p>	<p>Basahin ang Ating Tandaan pahina 435</p> <div>Tandaan Natin</div> <p>Ang malaking letra ay ginagamit sa mga tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, buwan, at sa pagsisimula ng pangungusap.</p> <p>Ang karaniwang bantas na ginagamit ay tuldok (.), tandang padamdang (!), tandang pananong (?), kudlit (’), at kuwit (,).</p> <p>Ginagamit ito para sa mabisang pagpapahayag ng damdamin o kaisipan</p> <p>Ang tuldok ay sa hulihan ng</p>							

				<p>pangungusap na pasalaysay o pautos. Ang tandang pananong ay sa pangungusap na nagtatanong. Ang kuwit ay sa pansamantalang paghinto. At ang tandang padamdang ay para sa pagpapahayag ng matinding damdamin.</p>	
<p>Pagtataya ng Aralin</p>	<p>Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 426</p> <div><p>Linangin Natin</p></div> <p>A. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy ng tambalang salita sa Hanay A. Isulat ang letra ng iyong sagot.</p> <p>A</p> <ol style="list-style-type: none">1. kapit-tuko2. bahay-kubo3. takip-silim4. kapitbahay5. balik-bayan e. mahigpit ang pagkakakapit <p>B</p> <ol style="list-style-type: none">a. taong galing sa ibang bansab. taong kalapit ang bahayc. papalubog na ang arawd. bahay na yari sa kuboe. mahigpit ang pagkakakapit <p>B. Tukuyin sa Hanay B</p>	<p>Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 430</p> <div><p>Linangin Natin</p></div> <p>Gumawa ng isang portfolio sa tulong ng mga panutong sinunod ni Cheska.</p>	<p>Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina433</p> <div><p>Linangin Natin</p></div> <ol style="list-style-type: none">1. Sumulat ng limang pangungusap na ginamitan ng pang-ukol na ayon sa.2. Isulat ang payak na anyo o kayarian ng sumusunod na salita. <p>awitan kulayan kumain nagdarasal nagsayawan payuhan sumulat tulugan tumakbo</p>	<p>Pasagutan angLinangin Natin sa LM pahina436</p> <div><p>Linangin Natin</p></div> <p>A. Sumulat ng reaksiyon sa larawan. Gumamit ng tamang bantas at angkop na pananalita.</p> <div><div><p>1</p></div><div><p>2</p></div></div> <p>B. Sabihin kung Mali o Tama ang pagkakasulat.</p> <ol style="list-style-type: none">1. Maria Dela Rosa2. Pusa3. sta. Clara4. Naku? gumuho ang lupa!5. Aray! Kinagat ako ng lamok. <div><p>Sulatin Natin</p></div> <p>.</p>	

	<div>ang maaaring dahilan ng mga pangyayari sa Hanay A.</div> <div>A</div> <div>1. Natakot ang bata</div> <div>2. Lumagong halaman</div> <div>3. Nasusunog na bahay</div> <div>4. Natuwa ang magulang</div> <div>5. Lumiwanag ang bahay</div> <div>B</div> <div>a. naglalaro ng posporo</div> <div>b. nagdidilig ng halaman</div> <div>c. nagkakabit ng ilaw</div> <div>d. magalang na bata</div> <div>e. tinahulan ng aso</div>				
Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation					
MGA TALA					
PAGNINILAY					
Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya					
Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation					
Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.					
Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.					
Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong? Anong suliranin ang aking naranasan na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?					
Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?					

Download [sample daily lesson logs](#) at www.teachershq.com